THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

# PULIS SERBIS BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume VI No. 06* Pebrero 5 - 11, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# NEWLY PROCURED PNP EQUIPMENT, BINASBASAN

sundan sa pahina 3







PUBLIC ANNOUNCEMENT!

PHILIPPINE NATIONAL POLICE

*Alert Levels System for COVID-19 in the NCR Alert Level 2*

**Minimal on- site capacity**

( applying work from home and other flexible work arrangements)

Allowed (50% on-site or venue/seating capacity)

***Activities and Establishment***

Police Community Affairs and Development Group | Pulis At Komunidad | PNP Pulis At Ur Serbis | pcadg.pnp.gov.ph

## Mahigit 600 Kadamay members, nagbalik-loob sa pamahalaan

sundan sa pahina 10

## Higit Php3.4M shabu, nakumpiska; Suspek, timbog

sundan sa pahina 11



## PULISYAPEDIA

**Ang mga reklamo ba ng sexual harassment ay confidential?**

Oo. Nakasaad sa Safe Spaces Act na ang mga reklamo ng gender-based sexual harassment ay confidential. Ibig sabihin, hindi ibubunyag sa iba na walang kinalaman sa pagproseso ng reklamo ang mga detalye ng kaso. Mapapanagot sa batas ang sinumang magbunyag ng mga ito, maging ang mga naging dahilan kung bakit ito nabunyag.

JOINT TASK FORCE CV SHIELD

COMMAND CENTER, PNP COMMAND CENTER

GLOBE
09175382495
SMART
09988490013
LANDLINE
(02)87253176
E-MAIL
ncovmonitoring@gmail.com




#PNPKakampiMo #TeamPNP #WeServeAndProtect

# E - SUMBONG

*e - SUMBONG SMS Hotline*

SMART : 0919 1601 752

GLOBE : 0917 8475 757

Email :
e-sumbong@pnp.gov.ph
Facebook Page :
facebook.com/OfficialPNPHotline
Web Portal :
https://e-sumbong.pnp.gov.ph

# CPNP, bumisita sa burol ni PLt Tad-Awan



**Palo, Leyte (February 7, 2022) - Bumisita ang Hepe ng Pambansang Pulisya ng Pilipinas, PGen Dionardo Carlos at ang kanyang mga kasamahan sa burol ni PLt Kenneth Falag-Ey Tad-Awan sa Immaculate Heart of Mary Chapel, Camp Ruperto K Kangleon, Palo, Leyte nito lamang ika-7 ng Pebrero, 2022.**

Binigyan ng wake service ng Police Regional Office 8 si PLt Tad-Awan bilang pagpupugay sa kanyang kabayanihan.

Si PLt Tad-Awan, tubong Bontoc, Mountain Province ay isa sa mga team leader ng 801st Company, Regional Mobile Force Battalion 8 sa ilalim ng pangangasiwa ni PCol Glenn Oliver Cinco, Officer-In-Charge.

Nakasagupa ng grupo ang hindi matukoy na bilang ng mga miyembro ng Communist Terrorist Group (CTG) habang nagsasagawa ng humanitarian activity na humantong sa pagpatay kay PLt Tad-Awan sa paligid ng Brgy. Tingnan, Lapinig, Northern Samar noong Pebrero 7, 2022.

“Ang aming taos pusong pakikiramay sa buong pamilya ni PLt Tad-Awan. Ako ay nasa matinding kalungkutan para sa kanyang hindi napapanahong pagkamatay. Ang kabayanihang ito at sukdulang sakripisyo ng ating kasama at isa sa ating magigiting na tao sa paglilingkod ay nagpapakita lamang ng ating katapatan sa ating sinumpaang tungkulin kahit ano pa ang halaga nito,” pahayag ni PGen Carlos.

Samantala, isang “Posthumous Medal” (Medalya ng Kadakilaan) ang ipinagkaloob ni PBGen Bernard M Banac, Regional Director, PRO 8 sa nasawing opisyal dahil sa kanyang kabayanihan at katapangan.

Gayundin, nagpaabot ng tulong pinansyal ang RD Banac sa naulilang pamilya ni PLt Tad-Awan. *(Panulat ni PMSg Leah Lyn Q Valero)*

## Namemeke ng Vaccination card, arestado sa Bukidnon



**Manolo Fortich, Bukidnon (February 4, 2022) - Arestado ng mga operatiba ng Manolo Fortich Municipal Police Station ang isang babae na nagbebenta ng pekeng vaccination card sa Bukidnon noong 10:40 ng umaga ng Pebrero 4, 2022.**

Ayon kay Police Colonel Jun Mark Lagare, Provincial Director ng Bukidnon Provincial Police Office, magkatuwang na nagsagawa ng entrapment operation ang kapulisan ng Manolo Fortich Municipal Police Station, Municipal Health Office ng Manolo Fortich, Bukidnon at Barangay kagawad ng Barangay Tankulan, Manolo Fortich.

Ang naturang entrapment operation ay matagumpay na naisagawa at nag resulta ng pagkakaaresto kay alyas "Sharlyn", 20 taong gulang, dalaga, at residente ng Barangay Tankulan, Manolo Fortich, Bukidnon. Nakabili ang mga operating police officer ng dalawang (2) pirasong pekeng vaccination card na nagkakahalaga ng Php700.

Narekober sa posesyon ng suspek ang marked money na nagkakahalaga ng Php900.

Ang naarestong suspek ay dinala sa Manolo Fortich Municipal Police Station para sa kaukulang pagsasampa ng kaso.

Nagpahayag ng papuri si Police Colonel Lagare sa mga rumespondeng tauhan ng PNP para sa mahusay na trabaho. Binalaan din niya ang publiko laban sa pagbebenta, paggamit o paggawa ng mga pekeng COVID-19 vaccination card na maaaring mahaharap sa mga kaso. *(Panulat ni Patrolman Joshua C Fajardo)*

# 9 Agta, nasawi sa Lal-lo, Cagayan



**Lal-lo, Cagayan (February 5, 2022) - Kalunos-lunos ang naganap na aksidente na ikinasawi ng siyam (9) na Agta, kabilang ang isang sanggol, na dulot ng pag-araro ng isang van sa Zone 2, Barangay San Lorenzo, Lal-lo, Cagayan noong gabi ng Pebrero 5, 2022.**

Batay sa inisyal na imbestigasyon ng mga awtoridad, ang mga biktima ay galing sa lamay at nagpasyang magpalipas muna ng oras sa bahay ni Ginoong Renato Oroles. Ilang minuto ang nakaraan, biglang sumalpok ang isang Toyota Hi-Ace van na minamaneho nang kinilalang si Dan Vincent Domingo, isang Army Reservist at residente ng Bulanao, Tabuk City, Kalinga.

Dead on the spot ang siyam na biktima na sina Aladin Oniate, Clarita Maganay; Duarte Oniate, Eric Oniate, May Ann Martinez, Rosita Martinez, Charie Oniate, pawang mga nasa legal na edad, isang sampung taong gulang na bata at isang sanggol.

Sa kasalukuyan, ang suspek na si Domingo ay malubha ang lagay, at ginagamot sa pribadong pagamutan sa Tuguegarao City. Habang ang kasama nito na si Allan Jay Parungao ay inilipat rin sa isang ospital sa Luna, Apayao upang sa mabigyan ng medical na atensyon.

Samantala, ang mga labi naman ng mga biktima ay nasa morgue sa bayan ng Lal-lo.

Kaugnay nito ay kasalukayan naman ang koordinasyon ng ating kapulisan sa naiwang pamilya ng mga biktima at isinangguni na rin sa lokal na pamahalaan ng naturang bayan ang pangyayari upang mabigyan ng maayos na burol ang mga biktima.

Sa kabilang banda ay patuloy ang isinagawang imbestigasyon ng ating mga kapulisan sa pangyayaring ito.

Pinapayuhan rin ang publiko na ugaliing huwag uminom ng alak kapag magmamaneho at ugaliing suriin ang B.L.O.W.B.A.G.E.T.S. para sa maayos at ligtas na paglalakbay. *(Panulat ni Pat Edward Balawag, RPCADU 2)*

# Newly Procured PNP Equipment, binasbasan



**Camp Crame, Quezon City (February 9, 2022)- Nanguna si Philippine National Police Chief, Police General Dionardo Carlos sa pagdaraos ng Presentasyon at Blessing sa mga bagong kagamitan ng PNP kani-kanina lang dakong alas-otso (8:00) ng umaga sa harap mismo ng PNP National Headquarters, Camp Crame, Quezon City.**

Pinasinayaan ni Police Brigadier General Jason D Ortizo, Director, Chaplain Service ang pagbibigay basbas sa mga bagong biling kagamitan. Kabilang na rito ang 10 High Speed Tactical Watercraft, 34 Brand New Utility Truck, 123 Patrol Jeep (4x2), 170 VHF Low Band Handheld Radio at 1,628 DMR Handheld Radio.

Nagpasalamat naman si PGen Carlos sa mga tao sa likod ng matagumpay na pagbili sa mga naturang kagamitan lalo na sa Presidente at CEO ng Philippine International Trade Corporation na si Emmie Liza Perez- Chiong sa pagdalo at tulong nito upang mapabilis ang pagkuha sa mga bagong kagamitan.

"As we continue to mobilize our different police units in the country through different operational plans and other crime prevention initiatives. I would like to note that it is also important that we continuously upgrade and enhance the competency of our PNP personnel by providing them necessary equipment and training as well, in order to strengthen our anti- criminality mechanism through PNP thrust and program. These vehicles and communications equipment make up the backbone of police operations field," dagdag pa niya.

Nakatakdang ipamahagi ang mga bagong kagamitan ngayong araw sa iba't ibang Police Regional Offices at Support Units ng pulisya sa buong bansa. *(Panulat ni Patrolman Kher D Bargamento)*

# Php9.6M marijuana, nakumpiska; 2 suspek, arestado



**San Miguel, Bulacan (February 10, 2022) - Nakumpiska ng mga awtoridad ng Bulacan ang tinatayang Php9.6M halaga ng marijuana sa kanilang isinagawang operasyon kontra ilegal na droga sa Brgy. Paliwasan, San Miguel, Bulacan noong Pebrero 10, 2022.**

Ayon sa ulat ni Police Colonel Rommel J. Ochave, Acting Provincial Director ng Bulacan Provincial Police Office (PPO), nagsagawa ng operasyon kontra ilegal na droga ang mga operatiba ng Bulacan Provincial Intelligence Unit (PIU) sa isang apartment na kung saan naaresto ang dalawang (2) suspek na kinilalang sina Dexter Asban alyas Dex ng Caingin, Malolos City at Jomerson Macusi ng Tabang, Guiguinto, Bulacan habang nakatakas naman ang iba pa nilang kasamahan.

Narekober na ebidensya mula sa mga suspek ay 80 ladrilyo na naglalaman ng pinatuyong dahon ng marijuana na may tinatayang timbang na 80 kilo at nagkakahalaga ng Php9,600,000.

Nahaharap ang mga suspek sa kasong paglabag sa Sec. 5 at 11, Art II of RA 9165 o ang Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Samantala, patuloy na isasagawa ng mga kapulisan ang kampanya kontra ilegal na droga para mahuli ang mga suspek at magkaroon ng payapa at drug free community sa bansa. *(Panulat ni Pat Hazel Rose Bacarisa, RPCADU 3)*

# 5 Foreign Nationals, nailigtas ng Maritime Police



**Occidental Mindoro (February 6, 2022) - Matagumpay na nailigtas ng PNP Regional Maritime Unit 4B ang limang (5) dayuhan na nakasakay sa isang yate sa kahabaan ng Abra de Ilog, Occidental Mindoro noong Pebrero 6, 2022.**

Huminto sa paggalaw ang sinasakyang yate ng mga dayuhan nang ang isang lambat ay sumabit sa propeller ng bangka at nabigong mag-restart.

Ipinagbigay alam ni Mr. Paul Vincent A. Suaso, isang miyembro ng Puerto Galera Yacht Club High ang pangyayari sa tauhan ng PNP Maritime High Speed Tactical Watercraft (HSTW) na nakabase sa Muelle, Poblacion, Puerto Galera, bandang 8:45 ng umaga sa parehong petsa.

Ayon kay Mr. Suaso, isang (1) Australian National na kapwa niya miyembro sa Yacht Club at apat (4) na iba pang Chinese Nationals ang sakay ng nasirang yate at nasa karagatan ng Abra de Ilog, Occidental Mindoro.

Agad na ipinadala ng RMU4B ang High Speed Tactical Watercraft (HSTW) 35 at tauhan nito sa pangunguna ni PSSg Willy T Concepcion, kasama si Mr. Suaso upang tulungan sila sa paghahanap ng nasirang bangka at pagsagip sa mga dayuhang sakay nito.

Nahanap ang nasirang yate sakay ang mga dayuhan bandang 11:45 ng umaga sa parehong petsa at agad na itinali ang yate sa HSTW gamit ang mga lubid at hinila ito patungo sa Muelle, Puerto Galera.

Matagumpay na nailigtas ng maritime police ang limang (5) dayuhan na kinilalang si Mel Smith, Australian National at apat na Chinese Nationals na sina Zhang Wei, Xu Hang, Li Chenxue, Zhou Hui.

Bandang 10:17 ng gabi ay ligtas silang nakarating sa Muelle Heritage Park, Barangay Poblacion, Puerto Galera, Oriental Mindoro. *(Panulat ni PMSg Leah Lyn Q Valero)*

# PNP CHIEF @ UR SERBIS



*Ni PGen Dionardo B Carlos*

## Pagkondena sa mga pag-atake ng mga makakaliwang grupo

Muli na namang umatake ang makakaliwang grupo sa ating mga kasamahang pulis nitong nakaraang linggo na nagresulta sa pagkamatay ng ating kasamahang pulis. Hindi talaga sila humihinto sa kanilang mga teroristang aktibidad at panggugulo sa kapayapaan sa bansa.

Malaking dagok ito sa ating hanay at sa bawat pamilyang naulila ng ating mga bayaning pulis. Karumal-dumal na pangyayari ang sinapit nila na kung tutuusin ay hangad lamang nila ang magbigay ng serbisyo sa ating mga kababayan ngunit ito ang kanilang sinapit na kapalaran.

Hindi n'yo na maibabalik ang buhay na inagaw ninyo sa aming mga kasamahang pulis at ng mga inosenteng sibilyan. Wala kayong puso, wala kayong awa, at higit sa lahat wala kayong takot sa ating panginoon.

Sa kabila nito, patuloy ang ating pamahalaan sa pagsugpo sa suliraning ito. Mas pinaiigting natin ang ating kampanya laban sa terorismo sa ilalim ng Executive Order No. 70 "End Local Communist Armed Conflict" o ELCAC sa pamamagitan ng pagpapalakas sa Regional Task Force sa iba't ibang lugar sa bansa at malalim na pakikipag-ugnayan at koordinasyon ng iba't ibang ahensya at organisasyon.

Patuloy tayo sa pagsasagawa ng mga operasyon upang mahuli ang mga lider at miyembro na sangkot dito. Hindi natin sila hahayaan na mayroon pa silang mabibiktima tulad ng ating mga kasamahang pulis. Iba't ibang programa at aktibidad ang isinagawa ng ating pamahalaan upang labanan ang terorismo at mapasuko na ang mga miyembro ng mga teroristang grupo, kabilang ang mga nagbabalik-loob sa ating pamahalaan. Samantala, habang patuloy nating pinaiigting ang ating laban dito, patuloy din ang pagtaas ng bilang ng mga Communist Terrorist Groups o CTGs na nagbabalik-loob sa gobyerno.

Sa nangyaring ito sa ating mga kasamahang pulis, maraming buhay ang nawala at kinabukasan ang nasira lalo ng mga pamilyang naulila nila. Hahayaan ba natin sila na patuloy na makapanglinlang, makapang-abuso at kumikitil ng buhay ng ating mga kasamahan at kababayan?

Hinding-hindi tayo magsasawang manawagan sa ating mga kababayan na makipagtulungan sa atin upang mahinto na ang napakatagal na problemang ito. Iwaksi natin ang karahasan at terorismo. Huwag natin silang suportahan, huwag tayo magpaloko sa kanila, bagkus ay ikondena natin sila.

Sa mga nais namang magbalik-loob sa gobyerno at tuluyan nang kalimutan ang kanilang masalimuot at miserableng buhay sa kabundukan at ang kanilang baluktot na prinsipyong ipinaglalaban, andito ang ating pamahalaan na handang tumulong at magbigay sa inyo ng opurtunidad at pangalawang pagkakataon.

# EDITORYAL

## Protektahan ang mga naglilingkod at nagpoprotekta

Serbisyo publikong nakatuon sa pagprotekta sa bayan at mamamayan. Ito ang sinumpaang tungkulin ng ating mga kapulisan. Ang protektahan ang ating mga kababayan mula sa panganib na dala ng mga kawatan, kriminal at mga halang ang bitukang komunistang terorista.

Isa sa pinakamalaking balakid para sa kapayapaan at kaunlaran ng ating bansa ay ang mga teroristang komunista na walang pakundangan sa kanilang mga pataksil na pag-atake sa mga miyembro ng kapulisan at kasundaluhan pati na sa mga sibilyan. Bata man o matanda, babae man o lalake, walang pinipiling biktima ang mga kriminal na ito.


Karamihan sa serye ng pagpatay na ito ay isinasagawa ng mga terorista habang nasa pamayanan ang ating mga kapulisan, nag-aabot ng tulong sa ating mga kababayan. Katulad na lamang ng kamakailang insidente ng pataksil na pagpatay kay Police Lieutenant Kenneth Tad-awan habang pinamumunuan niya ang mga miyembro ng Regional Mobile Force Battalion 8 sa pagsasagawa ng outreach program sa Barangay Look, Lapinig, Northern Samar. Pinaulanan ng bala ang mga kapulisan kahit pa alam ng mga teroristang komunista na maraming sibilyan ang madadamay.

Nitong Linggo din na ito, isa pang pulis sa katauhan ni Police Senior Master Sergeant John Teston ang patraydor na kinitil ang buhay sa isang pananambang ng mga teroristang ito. Nangyari ang pananambang nang pabalik na ang mga miyembro ng First Provincial Mobile Force Company ng Catanduanes PPO at San Miguel Municipal Police Station na kinabibilangan ni PSMS Teston mula sa pagseserbisyo ng Warrant of Arrest sa Barangay JMA, San Miguel, Catanduanes.

Balot ng pighati, buong giting na sumasaludo ang bawat miyembro ng hanay ng pambansang pulisya kina PLT Tad-awan at PSMS Teston. Umasa kayo, na kaming mga nabubuhay ay magpapatuloy at magpapaigting pa sa ating mandatong pumrotekta. Na lagi naming babaunin ang sakripisyo ninyo para sa bayan at ating mga kababayan.

Ilang kapulisan na ang naisakripisyo sa altar ng karahasan at kademonyohan ng ideolohiyang komunismo na ipinaglalaban ng mga rebeldeng komunista. Sa loob ng higit limang dekada, maraming pulis na ang patraydor na pinatay ng mga rebeldeng ito. Baon ang kanilang sinumpaang mandato na lipulin ang kasamaan para maprotektahan ang bawat mamamayan, ilan sa kanila ang hindi maiiwasang magbuwis ng kanilang buhay.

Ngunit paano naman kaya sila? Sino ang poprotekta sa kanila? Sino ang magtatanggol sa kanila? At ang pinakamahalagang tanong, sino ang sisiguro na makakamit nila ang hustisya kapag sila ay namatay habang taos puso nilang ginagampanan ang kanilang mandato?




# THE PNP CORRESPONDENT

*Ni: PEMS Eric B. Fernandez*

## PNP Chief PGen Dionardo Carlos, nanguna sa "Oath-Taking Ceremony" ng mga bagong opisyales ng PNP Press Corps sa Camp Crame

Nanguna si PNP Chief PGen Dionardo B Carlos bilang Administering Officer sa "Oath-Taking Ceremony" ng mga bagong opiyales ng PNP Press Corps kasabay ng Flag Raising Ceremony na ginanap sa PNP National Headquarters, Camp BGen Rafael T Crame, Quezon City.

Kabilang sa mga miyembro ng PNP Press Corps sa Camp Crame na nanumpa sa kanilang puwesto bilang mga bagong opisyales ay sina Mr. Mar Gabriel, NET 25 bilang President; Ms. Leah Ylagan, UNTV bilang Vice-President; Ms. Third Anne Malonzo, Sunstar bilang Secretary; Ms. Anne Soberano, Bombo Radyo bilang Treasurer; at si Mr. Raymund Dadpaas, DZRH bilang Chairman of the Board. Nanalo din bilang mga bagong Board of Directors sina Mr. Manny Tupas, Philippine Star; Mr. Mark Makalalad, DZBB; Ms. Rea Mamogay, DZXL; Mr. Mark Obleada, Police Files; at si Mr. Jimmy Encarnacion, ABS-CBN.

Sa kanyang naging mensahe ay pinuri at pinasalamatan ni PNP Chief PGen Carlos ang mga bagong opisyales ng PNP Press Corps dahil sa kanilang tulong sa Pambansang Pulisya para sa isang magandang ugnayan ng ating mga pulis at ng mass media tungo sa isang malaya at makatotohanang paghahatid ng mga balita na dapat mabatid ng ating mga kababayan.

Bagay na sinag-ayunan naman ng bagong PNP Press Corps President na si Mr. Gabriel, anya kanilang ipagpapatuloy at isusulong ang isang balanseng pamamahayag kasama na dito ang pagiging credible and responsible member ng mass media.

Matatandaan na taun-taon ay nagdadaos ng kanilang "Election of Officers" sa lahat ng mga miyembro ng PNP Press Corps na halos umaabot sa apatnapung miyembro nito. Ito ay mula naman sa iba't-ibang himpilan ng telebisyon, radyo, mga newspapers, at iba't-ibang mass media.

# EDITORIAL BOARD

**PGEN DIONARDO B CARLOS**
*Chairman*

*Editorial Consultant*
**PMGEN WALTER E CASTILLEJOS**

*Editor-In-Chief*
**PBGEN ERIC E. NOBLE**

*Executive Editors*
**PCOL MARCIAL MARIANO P. MAGISTRADO IV**
**PCOL ROGELIO P. SIMON**
**PCOL BERNIE H. ORIG**

*Business Manager*
**PLTCOL DAINES O. AMUGUIS**

*Managing Editors*
**PLTCOL CHRISTINE R BAGUNDOL**
**Ms. Evelyn Duremdes-Barz**

**PLT NOMER B. MACARAIG *PLT MYLEEN D. LACAMBRA *PCpl Josephine T. Blanche *PCpl Romulo Cleve M. Ortenero *PCpl Alona Faith L. Edas *PCpl Melody L. Pineda *PCpl Mary Metche A. Moraera *PCpl Carla Mae P. Canapi *Pat Jenny T. Beltran *NUP Emma Kris D. De Guzman *NUP Loreto B. Concepcion**
*Writers/Researchers*

**PSMS Janice C. Arenas *NUP Leonito C. Navales**
*Photographers*

*In-Charge of Circulation*
**PCMS Ronald V. Condes *PSMS Rosie B. Gonzalo *PCpl Rei Austin R. Manahan *Pat Jersen Christopher L. Yalong**

**PLT RALPH KESTER S. RAGAZA**
**PMSg Butch L. Berden**
**PSSg Alan Czar A. Santos**
*Cartoonists*

**Mr. Roy S. Gonzalez**
**Mr. Ralph Evan S. Gonzales**
*Graphic/Layout Artist*

Editorial Office: Police Community Affairs and Development Group
Email Add: pnppublications@yahoo.com / pulisserbisbalita@gmail.com
Tel. No.: (02) 723-0401 local 3453

# TRANSFORMATIONAL LEADERSHIP

*Ni: PCpt Fulgencio M Cañon, Jr*

## Gabay sa Tagumpay ng Mag-Asawa

Magandang araw po sa inyong lahat. Papuri at pasasalamat ang alay natin sa Panginoong Diyos sa patuloy Niyang pagpapala at pag-ibig sa ating lahat. Isipin po natin na gawin po natin ang health protocols at preventive measures kapag inalis ng Panginoong Diyos ang pag-iingat Niya sa atin ay maaari tayong tamaan ng COVID-19 at iba pang karamdaman.

Kamusta po ang pag celebrate natin ng Valentine's Day? Sa mga mag-asawa ay nai-date niyo po ba si Misis at binigyan ng bulaklak at chocolates? May iba't ibang kaparaanan tayo kung paano natin mapapasaya ang ating partner. Natutuwa ako kapag may nakikita akong mag-asawa na pinagdiriwang nila ang Silver Wedding Anniversary o 25 Year Wedding Anniversary. Ikinakasal sila na kasama ang mga anak at mga apo.

Ano kaya ang kanilang sikreto at nanatili silang magkasama at matatag ang pagsasama?

Ayon sa aking panayam sa yumaong si Mrs. Calaunan, ang kanilang pagsasama bilang mag-asawa ay nanatiling matatag dahil sa pag-uunawaan at pagiging matatag sa lahat ng pagsubok. Ang mga problema ay kanilang pinag-uusapan at ang pananampalataya sa Diyos ang kanilang matibay na pundasyon bilang isang pamilya.

Nalulungkot po tayo sa mga nasasaksihan natin na ikinasal at paglipas ng isang taon ay hiwalay na at ayaw ng magsama. Mga kabaro, Sir at Mam samahan niyo po ako sa pag-aaral ng "Banal na Kasulatan", na magtuturo sa atin upang matatag ang pagsasama ng mag-asawa.

Ang Kasal ay sagrado at banal na itinalaga ng Diyos sa lalaki at babae

"At siya rin ang nagsabi, 'Dahil dito'y iiwan ng lalaki ang kanyang ama't ina, at magsasama sila ng kanyang asawa at sila'y magiging isa.' Hindi na sila dalawa kundi iisa, kaya't ang pinagsama ng Diyos ay huwag paghiwalayin ng tao."

Mateo 19:5 (MBB)

Ang kasal ay pagsasama ng lalaki at babae pinagtibay ng batas ng ating gobyerno. At ang pagpapalitan ng pangako sa isa't-isa ay pangako habang-buhay. Ang ikinasal ay iisa na sa lahat ng aspeto ng buhay. Aalis sa poder ng magulang at magtatayo ng isang pamilya. Magiging tatay at nanay sa kanilang magiging mga anak. Maiisip na natin ang sakripisyo at pagmamahal ng ating magulang.

Kaya bago magpakasal sa isang tao dapat isipin niya ang responsibilidad at tungkuling gagampanan bilang mag-asawa. Nararapat lamang na ito ay paghandaan at pag-planuhan.

Ang pinagsama ng Diyos ay huwag paghiwalayin ng tao

Kapag may asawa na ay huwag ibaling ang pagtingin o pagmamahal sa ibang tao. Iwasan ang gawaing makakasira ng relasyon ng mag-asawa. Alam natin na laganap ang tukso sa paligid at ang kagandahang panlabas ay maaaring makapukaw sa damdamin ng isang tao na mahulog sa pita ng laman. Ang pagpunta sa bahay aliwan o beer house ay kadalasang nagiging mitsa ng pagkahulog sa tukso.

Kailangan ang Patuluyang Komunikasyon

Ang alitan o away ng mag-asawa na hindi napag-uusapan o nasosolusyunan ay maaaring humantong sa matinding galit at hiwalayan.

Kailangan ang Pagpapahalaga

Ang kahinaan ng ating partner at pagkukumpara sa iba ay maaaring maka-apekto sa kanyang moral. Makabubuti na pahalagahan siya at pasalamatan ang lahat ng kanyang ginagawa sa pamilya.

Tagubilin sa Mag-asawa

Pasakop kayo sa isa't isa bilang tanda ng inyong paggalang kay Cristo. Mga babae, pasakop kayo sa sarili ninyong asawa tulad ng pagpapasakop ninyo sa Panginoon. Sapagkat ang lalaki ang ulo ng kanyang asawa, tulad ni Cristo na siyang ulo ng iglesya, na kanyang katawan, at siya ang Tagapagligtas nito. Kung paanong nasasakop ni Cristo ang iglesya, gayundin naman, ang mga babae ay dapat pasakop nang lubusan sa kanilang sariling asawa. Mga lalaki, mahalin ninyo ang inyong asawa na gaya ng pagmamahal ni Cristo sa iglesya. Inihandog niya ang kanyang buhay para sa iglesya upang ialay ito sa Diyos, matapos linisin sa pamamagitan ng paghuhugas sa tubig at sa salita. Ginawa niya ito upang ang iglesya ay maiharap niya sa kanyang sarili na nasa kagandahan nito, walang anumang dungis ni kulubot man, banal at walang anumang kapintasan. Gayundin naman, dapat mahalin ng mga lalaki ang kanilang asawa tulad ng sarili nilang katawan. Ang lalaking nagmamahal sa kanyang asawa ay nagmamahal sa kanyang sarili. Walang taong namumuhi sa sarili niyang katawan. Sa halip, ito'y kanyang pinapakain at inaalagaan, tulad ng ginagawa ni Cristo sa iglesya. Tayo nga'y mga bahagi ng kanyang katawan. Gaya ng sinasabi sa kasulatan, "Dahil dito, iiwan ng lalaki ang kanyang ama't ina at magsasama sila ng kanyang asawa; at silang dalawa ay magiging isa." Mayroon ditong malalim na hiwaga, at sinasabi ko na ito'y tumutukoy sa kaugnayan ni Cristo sa iglesya. Subalit ito'y para din sa inyo: kayong mga lalaki, mahalin ninyo ang inyong asawa gaya ng inyong sarili; mga babae, igalang ninyo ang inyong asawa. (Efeso 5:21-33)

## Most Wanted Person, patay sa Sultan Kudarat

**Lambayong, Sultan Kudarat (February 7, 2022) - Namatay ang tinaguriang Top 33 Most Wanted Person municipal level na si Abudi Sagabain Palakasi alyas "Abudi Sagabain" sa isang shootout sa pagitan ng mga tauhan ng Lambayong Municipal Police station at ng suspek sa Brgy. Bagong Cebu, Lambayong, Sultan Kudarat, Pebrero 7, 2022.**

Habang nagsasagawa ng police visibility ang mga tauhan ng Lambayong MPS, napansin nila ang isang kahina-hinalang tao na sakay ng Honda XRM 125 na motorsiklo. Nilapitan Ito ng mga kapulisan ngunit sila ay pinaputukan ng suspek na agad namang nadepensahan ng mga kapulisan kung saan tinamaan si Palakasi sa iba't ibang bahagi ng kanyang katawan.

Kaagad itong isinugod sa Evangelista Medical Clinic Hospital sa Poblacion, Lambayong, Sultan Kudarat para sa agarang tulong medikal ngunit idineklara itong dead on arrival ng kanyang attending physician.

Ayon sa imbestigasyon, napag-alaman na ang suspek ay sangkot sa iba't ibang uri ng krimen tulad ng pagpatay, robbery, at carnapping sa Lambayong at Tacurong City.

Narekober ng Sultan Kudarat Crime Laboratory Office ang mga bala, baril at shabu na mula sa suspek habang ang bangkay nito ay maayos na naiturn-over sa kanyang pamilya. *(Panulat ni Patrolwoman Sherie-ann Masi)*





## Most Wanted Person sa kasong rape, arestado





**Sta. Maria, Ilocos Sur (February 5, 2022) - Arestado ang Top 1 Most Wanted Person sa pinagsanib puwersa ng mga kapulisan ng Sta. Maria Municipal Police Station na pinangunahan ni Police Captain Joel Dasargo, Chief of Police, katuwang ang Ilocos Sur Provincial Investigation Detective Management Unit (ISPIDMU), Ilocos Sur Provincial Intelligence Unit (ISPIU) at 1st Ilocos Sur Provincial Mobile Force Company (ISPMFC) sa Barangay Lubong, Sta. Maria, Ilocos Sur dakong 11:00 ng umaga ng Pebrero 5, 2022.**

Ang suspek ay kinilalang si Comin Lazano y Cotillon, 25 taong gulang, walang asawa, mangbubukid at kasalukuyang nakatira sa Barangay Lubong, Sta. Maria, Ilocos Sur.

Naaresto ang suspect sa bisa ng Warrant of Arrest sa kasong Rape (Par. I (A) ng RPC Art 266-A) na inilabas ni Hon. Fatima Vitamog Querubin, Presiding Judge of RTC Branch 9, First Judicial Region, Narvacan, Ilocos Sur noong February 4, 2022 na may Criminal Case No. 4950-N-2021 at walang rekomendadong piyansa.

Ang suspek ay nasa kustodiya na ng Sta Maria Police Station para sa tamang dokumentasyon at disposisyon. *(Panulat ni Patrolman Joshua A. Jimenez, RPCADU1)*

# Motorcycle Trail Riding Course Opening Ceremony, idinaos sa PRO11







**Davao City, (February 8, 2022) - Pinangunahan ni PBGen Filmore Escobal, Regional Director, Police Regional Office 11 (PRO11) ang pagbubukas ng Batch 2020-04 Motorcycle Trail Riding Course (MTRC) na nilahukan ng 30 kapulisan sa PRO11 Grandstand, Buhangin, Davao City noong Pebrero 8, 2022.**

Ipinahayag ni PBGen Escobal ang kanyang paghanga sa naging batch ng MTRC sa pagkuha nila ng oportunidad na magagamit sa pagpapalago ng kahusayan at kakayahan lalo na ang mga nakatalagang pulis na nasa malalayo at mabubundok na lugar, kung saan tanging mga motorsiklo lamang ang maaaring makapasok.

"As law enforcement organization, its mandate is to ensure peace and order in the community it is our main responsibility to put extra effort to transform our men by equipping them with different level of skills and knowledge in addressing issues and concerns especially in suppressing crimes and insurgency even in the most isolated barangays in the region," saad nito.

Layunin ng MTRC na turuan ang ating mga napiling kapulisan sa pagmamaneho lalo na sa mga mapuputik at matataas na kabundukan na siyang makatutulong sa pagsugpo ng krimen sa mga lugar na bukod tanging ang motorsiklo lamang ang may kakayahang makapasok. *(Panulat ni Patrolman Rhod Evan G Andrade)*

# Medalya ng Papuri, iginawad sa PNP water cops









**Camp Sergio Osmena, Cebu City (February 8, 2022) - Ginawaran ng Police Regional Office 7 ng Medalya ng Papuri ang Team PNP water cops na mula sa PRO 2 at PRO 5 alinsunod sa General Orders Number AW-2022-452 at 453 na ginanap sa Camp Sergio Osmena, Cebu City nitong Pebrero 8, 2022.**

Ang nasabing paggawad ay pinangunahan ng Regional Director ng PRO 7 na si PBGen Roque Eduardo Vega.

Ang Team PNP water cops ay naging bahagi sa Operation Christmas Drop na inilunsad ng Hepe ng Pambansang Pulisya, PGen Dionardo Carlos, matapos ang pananalasa ng Bagyong Odette sa Visayas.

Kinilala ang mga ginawaran na sina PSMS William L Caronan, PCpl Sotero Migthor M Tungcul, Pat Richmond J Tinaza, Pat Jerald T Quilang, PCpl Nemar P Abad, Pat Jovoni Genesis G Placedes, Pat Vicente S Marpuri IV, Pat French Aiken P Llona, at Pat Leon Ocampo.

Sila ang mga miyembro ng nasabing grupo na ipinadala sa Lalawigan ng Bohol upang maghatid ng ligtas na inuming tubig sa pamamagitan ng Water Desalination Equipment na kanilang dala.

Ang parangal na iginawad sa mga nasabing pulis ay nagpapatunay na ang serbisyo at sakripisyo ng bawat miyembro ng organisasyon ay lubos na pinapapahalagahan at hinahangaan. *(Panulat ni Patrolman Edmersan Llapitan)*

# Cagayan Cops, nagsagawa ng Community Outreach Program







**Gonzaga, Cagayan (February 8, 2022) – Nagsagawa ng community outreach program ang mga Cagayano Cops para sa mga biktima ng engkwentro sa pagitan ng Communist Terrorist Group (CTG) at Philippine Army (PA) noong Enero 29, 2022 sa Barangay Sta. Clara, Gonzaga, Cagayan noong Pebrero 8, 2022.**

Ang aktibidad ay pinangunahan ni Police Colonel Renell Sabaldica, Provincial Director ng Cagayan Police Provincial Office (PPO) at sa pakikipagtulungan ng Officer's Ladies Club (Cagayan Chapter), NICA, 98th Infantry Battalion, PA, MSWDO, MDRRMO, Philippine Marines, MBK Life Coaches, DepEd at Local Government Unit ng Gonzaga.

Sinimulan ang aktibidad sa isang information drive tungkol sa insurhensiya na ibinahagi ni Regional Director Flormelinda Olet ng National Intelligence Coordinating Agency (NICA). Layon nitong maimulat ang mga residente sa katotohanan tungkol sa mapanlinlang na propaganda at taktika ng mga teroristang grupo na sumapi sa kanilang samahan.

Samantala, nasa 200 na residente ang nakatanggap ng iba't ibang grocery items, mga gamot at medical supplies.

Habang 60 batang agta naman ang napasaya ng programang "Patsinelas ni PD Manoy" kung saan nabigyan ang mga bata ng bagong pares na tsinelas.

Namigay din si PCol. Sabaldica at ang kanyang butihing maybahay na si Gng. Leah F Sabaldica ng twenty-peso bill sa mga batang nakilahok sa aktibidad.

Maliban dito, nagkaroon din ng feeding program para sa mga residenteng dumalo at nakisaya.

Pasasalamat naman ang nasambit ng mga residente dahil sa tulong at sayang dala ng mga kapulisan sa kanilang lugar. Kahit papaano ay gumaan ang kanilang pakiramdam at naibsan ang takot dulot ng sagupaang nangyari.

Ang tunay na kalinga at tulong ay nagmumula sa mga ahensya ng pamahalaan at hindi nila ito makikita at makukuha sa pagsuporta at pagsapi sa kilusang CTG. *(Panulat ni PSSg Mary Joy Reyes, RPCADU 2)*

# 110 na bisikleta, ipinamahagi sa mga construction worker

**Davao City (February 8, 2022) - Ipinamahagi ng Davao City Police Office (DCPO) sa pangunguna ni Police Colonel Kirby John Kraft, DCPO City Director ang 110 bisikleta sa mga construction worker sa lungsod ng Davao City noong Pebrero 8, 2022.**


Ayon kay PCol Kraft, ang mga bisikleta ay ipinamahagi sa mga manggagawa upang magamit nila sa pang araw-araw na transportasyon.

Dagdag pa nito, sa tulong ng City Government of Davao, PNPA Sandigan Class 94 at Filipino Indian Commerce and Welfare Society, naging posible at matagumpay ang nasabing proyekto ng DCPO.

"Nakikita natin ang ating mga trabahador na namamasahe at naglalakad, ito ay isang paraan para matulungan natin sila, mapasaya at maiangat ang kanilang buhay. Itong pagbibigay sa kanila ng bisikleta na magagamit nila sa pagpasok at pagbalik sa kanilang mga tahanan, at kasabay nito ay makatutulong tayo sa ating kapaligiran na walang polusyon dahil ang ating mga bisikleta ay hindi gumagamit ng gasolina" ani PCol Kraft. *(Panulat ni Patrolman Alfred D Vergara, RPCADU11)*









| ALERT LEVEL 1 | GABAY SA BAGONG ALERT LEVEL SYSTEM |
|---|---|
| MGA EDAD NA MAAARING LUMABAS | Lahat ay pinapayagan (Maliban sa Makatuwirang Paghihigpit sa 3C na kinilala ng mga LGU) |
| MGA AHENSYA NG GOBYERNO AT KAUGNAY NITO | Buong kapasidad sa Pinakamababang Pampublikong Pamantayan sa Kalusugan |
| ESTABLISYEMENTO NG MGA NEGOSYO | |
| MGA SERBISYO SA PERSONAL NA PANGANGALAGA | |
| SERBISYONG "DINE-IN" | |
| MGA PAGTITIPONG PANRELIHIYON | |
| IBA PANG MGA PAGTITIPON (MGA PAGPUPULONG, INSENTIBO, PAGPUPULONG, KAGANAPAN AT SEMINAR | |

SOURCE: IATF
#PNPKakampiMo #PulisNgPilipino #WeServeAndProtect
@PNPKakampiMo | @pnpdpcr | PNPKakampiMo




| ALERT LEVEL 2 | GABAY SA BAGONG ALERT LEVEL SYSTEM |
|---|---|
| MGA EDAD NA MAAARING LUMABAS | Lahat ay pinapayagan (Maliban sa mga makatuwirang paghihigpit batay sa edad at mga may karagdagan sakit na maaaring magpalala NA HINDI HIHIGIT SA ALERT LEVEL 4) |
| MGA AHENSYA NG GOBYERNO AT KAUGNAY NITO | Buong kapasidad at pagtupad sa 50% na kapasidad sa lugar ng trabaho |
| ESTABLISYEMENTO NG MGA NEGOSYO | Maliit na kapasidad sa lugar ng trabaho, Nagtatrabaho ng nasa bahay at pagsasaayos ng limitadong pagpasok sa trabaho |
| MGA SERBISYO SA PERSONAL NA PANGANGALAGA | 50% ang pinakamataas na kapasidad sa lugar ng trabaho o kapasidad ng upuan |
| SERBISYONG "DINE-IN" | |
| MGA PAGTITIPONG PANRELIHIYON | |
| IBA PANG MGA PAGTITIPON (MGA PAGPUPULONG, INSENTIBO, PAGPUPULONG, KAGANAPAN AT SEMINAR | |

SOURCE: IATF
#PNPKakampiMo #PulisNgPilipino #WeServeAndProtect
@PNPKakampiMo | @pnpdpcr | PNPKakampiMo




| ALERT LEVEL 3 | GABAY SA BAGONG ALERT LEVEL SYSTEM |
|---|---|
| MGA EDAD NA MAAARING LUMABAS | Lahat ay pinapayagan (Maliban sa mga makatuwirang paghihigpit batay sa edad at mga may karagdagan sakit na maaaring magpalala NA HINDI HIHIGIT SA ALERT LEVEL 4) |
| MGA AHENSYA NG GOBYERNO AT KAUGNAY NITO | Buong kapasidad at pagtupad sa 30% na kapasidad sa lugar ng trabaho |
| ESTABLISYEMENTO NG MGA NEGOSYO | Maliit na kapasidad sa lugar ng trabaho, Nagtatrabaho ng nasa bahay at pagsasaayos ng limitadong pagpasok sa trabaho |
| MGA SERBISYO SA PERSONAL NA PANGANGALAGA | 30% ang pinakamataas na kapasidad sa lugar ng trabaho o kapasidad ng upuan |
| SERBISYONG "DINE-IN" | |
| MGA PAGTITIPONG PANRELIHIYON | |
| IBA PANG MGA PAGTITIPON (MGA PAGPUPULONG, INSENTIBO, PAGPUPULONG, KAGANAPAN AT SEMINAR | |

SOURCE: IATF
#PNPKakampiMo #PulisNgPilipino #WeServeAndProtect
@PNPKakampiMo | @pnpdpcr | PNPKakampiMo



| ALERT LEVEL 4 | GABAY SA BAGONG ALERT LEVEL SYSTEM |
|---|---|
| MGA EDAD NA MAAARING LUMABAS | Hindi pwede: Edad 18 pababa, edad 65 pataas, mga may karagdagan sakit na maaaring magpalala, mahinang resistensya, at mga buntis |
| MGA AHENSYA NG GOBYERNO AT KAUGNAY NITO | Buong kapasidad at pagtupad sa 30% na kapasidad sa lugar ng trabaho |
| ESTABLISYEMENTO NG MGA NEGOSYO | Maliit na kapasidad sa lugar ng trabaho, Nagtatrabaho ng nasa bahay at pagsasaayos ng limitadong pagpasok sa trabaho |
| MGA SERBISYO SA PERSONAL NA PANGANGALAGA | Mga serbisyong gagawin sa labas ng establisyemento 30% habang 10% naman sa loob ng establisyemento para sa mga bakunado lamang. Dapat rin na lahat ng empleyado ay bakunado |
| SERBISYONG "DINE-IN" | Kainan sa labas ng establisyemento 30% habang 10% naman sa loob ng establisyemento para sa mga bakunado lamang. dapat rin na lahat ng empleyado ay bakunado |
| MGA PAGTITIPONG PANRELIHIYON | Pagtitipon sa labas ng establisyemento 30% habang 10% naman sa loob ng establisyemento para sa mga bakunado lamang. Dapat rin na lahat ng kumakatawan sa simbahan ay bakunado |
| IBA PANG MGA PAGTITIPON (MGA PAGPUPULONG, INSENTIBO, PAGPUPULONG, KAGANAPAN AT SEMINAR | HIndi pinapayagan |

SOURCE: IATF
#PNPKakampiMo #PulisNgPilipino #WeServeAndProtect
@PNPKakampiMo | @pnpdpcr | PNPKakampiMo



| ALERT LEVEL 5 | GABAY SA BAGONG ALERT LEVEL SYSTEM |
|---|---|
| MGA EDAD NA MAAARING LUMABAS | Hindi pwede: Edad 18 pababa, edad 65 pataas, mga may karagdagan sakit na maaaring magpalala, mahinang resistensya, at mga buntis |
| MGA AHENSYA NG GOBYERNO AT KAUGNAY NITO | Limitadong kapasidad sa lugar ng trabaho |
| ESTABLISYEMENTO NG MGA NEGOSYO | Buong kapasidad ng Medikal at Esensyal na mga Trabaho; 50% na kapasidad sa lugar ng trabaho – Midya (TV, Radyo, atbp); Ibang Establisyemento - Limitadong kapasidad sa lugar ng trabaho |
| MGA SERBISYO SA PERSONAL NA PANGANGALAGA | Hindi pinapayagan |
| SERBISYONG "DINE-IN" | Hindi pinapayagan (Maliban sa "Take-out" at "Deliveries") |
| MGA PAGTITIPONG PANRELIHIYON | Ang mga serbisyong panrelihiyon ay isasagawa sa pamamagitan ng online na pag-record ng video. |
| IBA PANG MGA PAGTITIPON (MGA PAGPUPULONG, INSENTIBO, PAGPUPULONG, KAGANAPAN AT SEMINAR | Hindi pinapayagan |

SOURCE: IATF
#PNPKakampiMo #PulisNgPilipino #WeServeAndProtect
@PNPKakampiMo | @pnpdpcr | PNPKakampiMo

# BANTAYOG NG KAGITINGAN

*Ni: PLt Robert Fabregas*

## Bantay ng Kapayapaan

Upang mapanatiling ligtas ang mamamayan laban sa mga manliligalig, isang alagad ng batas ang nagbuwis ng buhay noong March 29, 2019 sa bayan ng Bauko, Mountain Province. Naghasik nang takot at pangamba sa mga mamamayan ang mga New People's Army (NPA) kaugnay nang kanilang ika-50 Anibersaryo. Dahil dito ay nagsagawa ng Patrol Operation ang mga kasapi ng 1502nd Mobile Company, Regional Mobile Force-15 ng Cordillera Region upang iligtas ang mamamayan laban sa mga teroristang NPA.

Gayunpaman, sinawimpalad na mapaslang ng mga terorista si Patrolman Wilfredo Padawil at malubha namang nasugatan si PCpl Eirphil Lapnitin habang magiting na nakikipaglaban.

Nagsagawa ng Patrol Operation ang tropa ng PNP na pinamunuan ni PCpt Le Veonn Madalang at PCpt Graeme Boy Javier dahil sa sumbong ng mga mamamayan sa presensya ng mga terorista sa kanilang lugar. Bandang alas 9:30 ng umaga nang makasagupa ng mga pulis ang mga NPA sa Sitio Malabagan, Barangay Bangnen sa bayan ng Bauko.

Sa gitna nang maigting na labanan ay isang punglo ang tumama sa kanang bahagi ng leeg ni Pat Padawil samantalang malubha namang nasugatan si PCpl Lapniten.

Nalulungkot man sa nangyaring pagkasawi ng kanyang kasamahan si Lapniten, handa pa rin umano siyang muling bumalik sa pagpapatrulya pagkalabas niya nang ospital at bumalik sa serbisyo upang mapanatiling ligtas ang mamamayan sa karahasang inihahasik ng NPA.

Tunay na ang isang Pulis ay laging nakahandang humarap sa anumang panganib upang panatilihing ligtas, mapayapa at matiwasay ang ating komunidad. Ang Pulis ay tunay na tagapagtanggol ng mamamayan!

# 7 Kababaihang naglaro ng bingo, arestado

**Abra De Ilog, Occidental Mindoro (February 10, 2022) – Arestado ang pitong (7) kababaihang residente ng Barangay Poblacion, Abra De Ilog, Occidental Mindoro sa isinagawang anti-illegal gambling operation ng mga kapulisan ng Abra de Ilog Municipal Police Station (MPS) at 402nd Regional Mobile Force Battalion (RMFB) noong Pebrero 10, 2022.**

Nagpapaskil lamang sana ang mga kapulisan ng mga flyers ng mapansin ang mga residenteng naglalaro ng ipinagbabawal na sugal na Bingo.

Kinilala ang mga naaresto na sina Eunice Galicia Cordova, 32 taong gulang; Mylene Florendo Cano, 42 taong gulang; Janice Calingasan Roldan, 41 taong gulang; Angelica Saonoy Quijano, 23 taong gulang; Jesica Forio Guna, 25 taong gulang; Criselda Benedicto Ruallo, 49 taong gulang; at Jeralyn Lorenzo Benedicto, 20 taong gulang na pawang mga residente ng Sitio MTB, Barangay Poblacion, Abra De Ilog, Occidental Mindoro.

Nasa kustodiya na ng Abra de Ilog MPS ang mga naarestong suspek para sampahan ng kaukulang kaso sa paglabag ng PD 1602 kasama ang mga nakumpiskang ebidensya.

Ito ang resulta ng direktiba ni Police Colonel Simeon Gane, Jr., Provincial Director ng Occidental Mindoro Police Provincial Office (PPO) sa kampanya laban sa lahat ng ilegal na aktibidad sa buong lalawigan. *(Panulat ni Pat Jorge Michael C Bardiago, RPCADU 4B)*

# Top 7 Regional Most Wanted Person ng rehiyon 7, arestado


**Siquijor, Siquijor (February 8, 2022) - Nahuli ng mga operatiba ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) ang Top 7 Regional Most Wanted Person ng rehiyon 7 sa Brgy. Cang-ading, Siquijor, Siquijor nito lamang ika-8 ng Pebrero 2022 sa bisa ng Warrant of Arrest.**

Kinilala ang suspek na si Jose Aseñas, 39 taong gulang, binata, isang watchman at residente ng Brgy. Cang-ading, Siquijor, Siquijor.

Si Aseñas ay may kasong Murder, docketed under CC# 2745 na inisyu ni Hon. Marie Rose G Inocando-Paras, Assisting Judge, RTC Branch 63 (Sitting in Branch 42. HOJ, Dumaguete City) na may petsang August 9, 2019, na walang piyansang inirekomenda.

Dinala ang naarestong suspek sa Siquijor MPS para sa tamang booking procedures at dokumentasyon bago ibalik ang Warrant of Arrest sa court of origin.

Ang matagumpay na pagkakahuli sa nasabing suspek ay sa pangunguna ng CIDG Siquijor Provincial Field Unit, kasama ang RIU7, PIU, SPPO, 705 MC RMFB7 at Siquijor MPS. *(Panulat ni PMSg Leah Lyn Q Valero)*




# Lalaking nagpaputok ng baril sa Quirino, arestado




**Aglipay, Quirino (February 10, 2022) – Arestado ng mga kapulisan sa isinagawang hot pursuit operation ang isang lalaki matapos itong magpaputok ng baril sa Purok 1, Aglipay, Quirino noong Pebrero 10, 2022.**

Matagumpay na naaresto ang suspek sa pinagsanib pwersa ng Aglipay Police Station (PS) sa ilalim ng liderato ni Police Major Joel P. Guinobang, Officer-In-Charge at 1st Quirino Provincial Mobile Force Company (PMFC) sa pangunguna ni Police Lieutenant Colonel Eugenio Malillin, Force Commander.

Kinilala ng awtoridad ang suspek na si Rafael Dumalian Orlani, 54 taong gulang, isang foreman, at residente sa nabanggit na lugar.

Batay sa imbestigasyon, lumapit at nakiupo ang suspek na noon ay nasa ilalim ng impluwensya ng alak sa isang grupo ng kalalakihang nag-iinuman sa Purok Hall ng Purok 1, Aglipay, Quirino. Makaraan ang ilang minuto ay bigla umano nitong binunot ang baril mula sa kanyang baywang at nagpaputok. Muling nagtangkang magpaputok si Orlani ngunit agad na naagaw ng mga trabahador sa lugar ang baril nito. Pagkatapos ng insidente ay mabilis na umalis ang suspek.

Narekober sa suspek ang isang (1) Colt Caliber 45 pistol na may markang USA, 1911 at may serial number na 162345, isang (1) magazine na may lamang pitong (7) bala at isang (1) basyo ng bala na naiturn-over na sa Office of the Provincial Prosecutor, Justice Hall Building, Cabarroguis, Quirino.

Kasalukuyang nasa kustodiya si Orlani ng Aglipay Police Station kung saan nahaharap siya sa kasong paglabag sa RA 10591 o Comprehensive Firearms and Ammunition Regulation Act at Omnibus Election Code.

Samantala, patuloy naman ang panawagan ng kapulisan sa mga mamamayan na makipagtulungan upang maiwasan ang krimen at mapanatili ang kaayusan sa pamayanan. *(Panulat ni Pat. Juliet L Dayag, RPCADU2)*



# Isang indibidwal, arestado sa buy-bust operation

**Cagayan de Oro City (February 10, 2022) – Arestado ang isang indibidwal sa isinagawang buy-bust operation ng kapulisan kontra ilegal na droga sa Camaman-an, Cagayan de Oro City noong Pebrero 10, 2022.**

Ito ay sa pinagsanib pwersa ng mga tauhan ng Regional Police Drug Enforcement Unit 10 sa pangunguna ni Police Lieutenant Neil Payos katuwang ang Police Station 2 – Cagayan de Oro City Police Office.

Ang suspek ay kinilala na si Gary Estilla y Akut, lalaki, binata, 39 taong gulang, nakatira sa JR Borja Extension, Camaman-an, Cagayan de Oro City.

Narekober sa Police Operation ang isang (1) piraso ng heat sealed transparent plastic sachet na naglalaman ng hinihinalang shabu at buy-bust money na nagkakahalaga ng Php1,000.

Nakakuha rin ang mga operatiba sa posesyon ng suspek ng 13 piraso ng heat sealed transparent plastic sachet na hinihinalang shabu na may bigat na 50 gramo na nagkakahalaga ng Php340,000.

Ang lalaking naaresto ay dinala sa opisina ng Regional Police Drug Enforcement Unit 10 para sa disposisyon at pagsasampa ng kaso para sa paglabag sa Republic Act 9165 o "The Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002". *(Panulat ni Patrolman Joshua C Fajardo – RPCADU 10)*



# 88 Anyos na lola, minolestiya; suspek, arestado

**Zamboanga Del Norte (February 9, 2022) - Dumulog bandang alas-4:00 ng hapon ng Pebrero 6, 2022 ang isang 88 taong gulang na lola kasama ang isang saksi sa Tampilisan Municipal Police Station upang isumbong ang nangyaring pangmomolestiya sa kanya.**


Agad na nagsagawa ng hot pursuit operation ang responding team ng Tampilisan MPS sa pangunguna ni Police Staff Master Sergeant Nilo Paipa, na nagresulta sa pagkakaaresto ng suspek na si Jeffrey Recanil Bulay-og, 48 taong gulang, residente ng Tampilisan, Zamboanga Del Norte.

Nasa kustodiya na ngayon ng Tampilisan MPS ang naarestong suspek para sa kaukulang disposisyon at dokumentasyon.

Kung ikaw o sinumang kakilala mo ay nakaranas ng sekswal na karahasan at gustong humingi ng tulong o gustong malaman ang ilang impormasyon tungkol sa kinakailangang aksyon, huwag mag-atubiling pumunta sa istasyon ng pulisya na malapit sa inyo o tumawag sa hotline number. *(Panulat ni Patrolman Chris Lorenz Angat)*



# Top 5 Most Wanted Person sa Leyte, arestado sa Caloocan




**Caloocan City (February 10, 2022) – Arestado sa isinagawang manhunt operation ng mga tauhan ng Northern Police District (NPD) ang Top 5 Most Wanted Person ng Leyte Police Provincial Office (PPO) sa Bagong Silang, Caloocan City noong Pebrero 10, 2022.**

Ang operasyon ay pinangunahan ni Police Lieutenant Jay Dimaandal, Chief, District Special Operation Unit (DSOU) matapos makatanggap ng tip sa isang mamamayan ng barangay.

Kinilala ang suspek na si Bernardo Ligtas, 56 anyos, tubong Leyte, construction worker at residente ng San Fernando, Pampanga.

Naaresto ang suspek sa bisa ng Warrant of Arrest na inisyu ni Hon. Hukom Jose II Mijares ng Regional Trial Court (RTC) Branch 26, San Juan, Southern Leyte 8th Judicial Region na may petsang 24 Setyembre 1998 para sa kasong pagpatay na walang piyansa.

Ang kanyang pag-aresto ay humantong din sa pagkatuklas ng isa pang warrant laban sa kanya para sa kasong robbery with homicide na inilabas noong 2 Hunyo 2018 ni Hon. Judge Carlos Arguelles ng RTC Branch 10, 8th Judicial Region, Abuyog, Leyte at walang ring inirekomendang piyansa.

Habang nagtatago, sumama umano ang suspek sa Limos Group na sangkot sa carnapping at motornapping sa Metro Manila at mga karatig probinsya.

Ipagpapatuloy ng Pambansang Pulisya ang mga ganitong operation para mapanagot ang lahat ng mga nagkasala sa batas saan mang dako sila naroroon. *(Panulat ni Patrolwoman Nica V Segaya, RPCADU NCR)*

# Higit Php2M shabu, nakumpiska; 1 Suspek, arestado



Mexico, Pampanga (February 5, 2022) - Nakumpiska ang higit dalawang (2) milyong halaga ng shabu at isang (1) suspek ang naaresto sa isinagawang operasyon kontra ilegal na droga ng mga tauhan ng Regional Police Drug Enforcement Unit (RPDEU)-3 sa Brgy. Lagundi, Mexico, Pampanga noong Pebrero 5, 2022.

Katuwang sa operasyon ang Special Concern Unit (SCU)-3, Regional Intelligence Unit (RID) at Mexico Municipal Police Station (MPS).

Kinilala ang naarestong suspek na si Nabil Macadatar y Ampawa, 26 taong gulang at residente ng Langkaan, Dasmariñas, Cavite.

Narekober na ebidensya mula sa suspek ay tatlong (3) pirasong plastik ng pinaghihinalaang shabu na may bigat na 305 gramo na tinatayang nagkakahalaga ng Php2,074,000; Php500 marked money; isang (1) Samsung selpon; isang (1) timbangan; isang (1) bag; at Mitsubishi Montero Sport na may B5A927 sticker.

Nahaharap ang suspek sa kasong paglabag sa Sec. 5 and 11, Art II of RA 9165 o ang Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002. *(Panulat ni Patrolman Hazel Rose Bacarisa, RPCADU 3)*

# Armadong lalaki, patay sa isang shoot-out



**Bangued, Abra (February 6, 2022) – Patay ang isang armadong lalaki sa isinagawang intelligence monitoring ng mga operatiba ng Abra Provincial Police Office sa Santiago Street, Bangued, Abra noong Pebrero 6, 2022.**

Ayon sa ulat, ang lalaki ay pagala-gala sakay ng puting honda beat motorcycle na walang plaka. Pinahinto ng operatiba ang suspek dahil na rin sa paglabag sa curfew hours subalit kasunod ng pagbaba niya sa motor ay binunot nito ang kanyang baril at pinaputukan ang mga nasabing operatiba. Mabilis ang naging aksyon ng tatlong pulis Abra na nagresulta sa pagkasawi ng suspek.

Kinilala ang suspek na si Mark Apura De Guzman a.k.a "Macmac" at residente ng La Paz, Abra.

Agad dinala ng mga pulis ang suspek sa Abra Provincial Hospital para sa agarang medikasyon ngunit siya ay idineklarang dead on arrival ni Dr. Felino Burgos.

Samantala, wala namang nasugatan mula sa mga kapulisan. *(Panulat ni Patrolman Raffin Jude Suaya, RPCADU COR)*

# 5 Indibidwal, arestado sa kasong illegal fishing methods

**Claveria, Masbate (February 8, 2022) – Arestado ng Claveria Municipal Police Station ang limang (5) indibidwal matapos mahuling gumagamit ng pinagbabawal na pamamaraan sa pangingisda sa Claveria, Masbate kahapon, ika-7 ng Pebrero ng taong kasalukuyan.**

Sasampahan ang mga suspek ng kasong paglabag sa Provincial Ordinance No. 005-2001 na kung saan ipinagbabawal ang paggamit ng air compressor sa pangingisda sa lalawigan at paglabag sa Section 92 ng Republic Act 10654 o “Fishing Through Explosives, Noxious or Poisonous Substance, or Electricity” dahil sa paggamit ng dinamita na labis na nakasisira sa yamang dagat.

Patuloy ang lokal na himpilan ng Claveria MPS sa pamumuno ni PMaj Niño V Aquiatan sa pinaigting na operasyon upang labanan ang ilegal na operasyon ng pangingisda sa naturang lugar. *(Panulat ni Patrolman Noel Lopez)*

# Mahigit 600 Kadamay members, nagbalik-loob sa pamahalaan




**Bulacan (February 9, 2022) - Mahigit 600 miyembro ng Kalipunan ng Damayang Mahihirap (KADAMAY) ang nagbalik-loob sa pamahalaan at sumuporta sa maigting na pangangampanya kontra terorismo na ginanap sa Brgy. Sapang Palay, San Jose Del Monte City, Bulacan noong Pebrero 9, 2022.**

Binigyang buhay ang aktibidad sa pamamagitan ng paglagda ng Oath of Allegiance ng mga dating miyembro ng Kadamay bilang patunay sa kanilang pagsuporta sa pamahalaan at tuluyang pagtalikod sa maling ideolohiya na kanilang pinaniniwalaan.

Pagkatapos ng maikling programa ay nagkaroon din ng Community Outreach Program na kung saan ay nagbigay ng mga relief goods na labis ikinatuwa at ipinagpasalamat ng mga miyembro sa tulong na handog ng mga awtoridad.

Ipinahayag ni Police Brigadier General Matthew P. Baccay, Regional Director ng Police Regional Office (PRO) 3 na ang nasabing aktibidad ay pinangunahan ni Police Colonel Wilson Delos Santos ng Regional Mobile Force Battalion (RMFB) 3. *(Panulat ni PCpl Jeselle V Rivera, RPCADU 3)*

# NPA Political Instructor, sumuko sa PNP Caraga




**Carmen, Agusan Del Norte (February 8, 2022) - Sumuko ang isang political instructor ng New People's Army (NPA) sa mga awtoridad noong Pebrero 8, 2022 matapos ang walang humpay na pagsisikap ng Police Regional Office (PRO) 13 sa kampanya laban sa Communist Terrorist Group (CTG) bilang suporta sa programa ng gobyerno na wakasan ang local communist armed conflict.**

Ayon sa pahayag ni PRO13 Regional Director, Police Brigadier General Romeo Caramat Jr., si Alias Lyka, 26 taong gulang na balo, nakatira sa bayan ng Buenavista sa Agusan del Norte at aktibong miyembro ng Sandatahang Propaganda Guerilla Front 4-A ng Northeastern Mindanao Regional Command (NEMRC) ay sumuko sa tauhan ng Carmen MPS, 23IB, PA, Regional Intelligence Division (RID) 13 at Agusan del Norte Provincial Intelligence Branch sa presensya ng isang opisyal ng barangay.

Bukod sa pagiging isang CTG political instructor, si Alias Lyka ay isa ring supply officer at nakalista sa 2021 3rd quarter Periodic Status Report. Ibinigay ni alyas Lyka ang isang (1) unit caliber 45 Armscor, walang serial number na may limang (5) live ammunition at isang (1) piraso ng hand grenade.

Napagtanto ni Alias Lyka na walang patutunguhan ang pakikibaka at paghihirap sa bundok na walang kasiguruhan na magagawa niyang lumabas ng buhay para makapiling muli ang kanyang pamilya habang nasa kamay ng nasabing teroristang grupo.

"Alias Lyka is one of the victims whose youth were robbed by the NPA in fighting against the government instead of helping her family. To the remaining CTG members, I encourage you to follow her path before it's too late. The government has prepared programs that help you support your family and start a peaceful and righteous life," saad ni RD Caramat Jr.

Si Alyas Lyka ay tinutulungan ngayon ng Carmen MPS para sa kanyang pagpapatala sa Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP) ng pamahalaan.

Sa talaan ng PRO 13 Regional Operations Division (ROD) ay 39 na miyembro ng CTG ang sumuko sa Caraga cops mula Enero 1 hanggang Pebrero 8, 2022. Samantala, mula nang mamuno si RD Caramat Jr noong Setyembre 17, 2020, mayroon nang 1,060 dating rebelde ang sumuko habang 281 miyembro ng CTG ang naaresto. *(Panulat ni Patrolman Jhunel D Cadapan RPCADU13)*

# 3 NPA members, sumuko sa PNP SAF



**Sagay City, Negros Occidental (February 10, 2022) - Boluntaryong sumuko ang tatlong (3) miyembro ng New People's Army (NPA) sa mga tauhan ng PNP Special Action Force (SAF) sa Poblacion II, Sagay City, Negros Occidental nito lamang ika-10 ng Pebrero 2022 ng hapon.**

Ang mga sumukong NPA na kinilalang sina Ka Aiza, Ka Mike at Ka Allan (di nila totoong pangalan) ay sinamahan ni PLtCol Jonel Guadalupe, Chief of Police ng Sagay City Police Station na tumungo at kusang sumuko sa 6th Special Action Battalion (PNP SAF), at kasabay nilang isinuko ang kanilang mga armas at ito ay pormal na tinanggap ni PLtCol Ryan Manongdo, 6th SAB Battalion Commander.

Si Ka Allan, ay miyembro ng North Negros Front (NNF) ng Regional Committee- Negros, Cebu, Bohol at Siquijor (KR-NCBS). Samantala, sina Ka Mike at Ka Aiza naman ay mga aktibong miyembro ng South-West Front (SWF) ng Regional Committee - Negros, Cebu, Bohol, at Siquijor (KR-NCBS).

Sumuko ang mga ito sa kadahilanang gusto na nilang mamuhay ng normal at tahimik kasama ang kani-kanilang mga pamilya. Dagdag pa ni Ka Allan, pagod na siyang makipaglaban sa maling pakikibaka.

Ang mga sumukong rebelde ay kasalukuyang nasa pangangalaga ng 6th Special Action Battalion at tinulungang maproseso ang mga benepisyo na kanilang matatanggap mula sa ating pamahalaan sa ilalim ng programa na Enhanced Community Local Integration Program (E-CLIP).

Ang matagumpay na pagsuko ng mga rebelde ay dahil sa patuloy na sinasagawang Counter White Area Operations (CWAO) ng 6SAB ng PNP SAF na naglalayong iparating sa komunidad ang malinis na intensyon ng pamahalaan para sa mga kapatiran nating lubos na naimpluwensiyahan ng mga teroristang bandido.

Hinimok pa ni PLtCol Manongdo ang lahat na wag matakot lumapit sa pamahalaan, aniya, "We are happy that they finally decided to submit themselves to the government and embraced the idea of living a normal and peaceful lives. We assure the three individuals and their families that we will do everything on our capacity to help them improve their lives through the different programs of the government. I hope their surrender will inspire the other members of the terrorist groups to lay down their arms, submit to the government and embrace the peace that we all desire." *(Panulat ni Pat Kher D Bargamento)*

# Higit Php3.4M shabu, nakumpiska; Suspek, timbog



**Victorias City, Negros Occidental (February 10, 2022) – Nasabat ang higit Php3.4 milyong halaga ng hinihinalang shabu sa isinagawang buy-bust operation ng mga operatiba ng Victorias Component City Police Station nitong Pebrero 10, 2022, bandang alas 5:45 ng hapon sa Osmeña Avenue, National Highway, Hacienda Cristina, Brgy. 21, Victorias City, Negros Occidental.**

Ang mga suspek ay kinilalang si Jesther Soquena y Taleo, residente ng Doǹa Juliana Subd., Brgy. Taculing, Bacolod City at Biboy Dacumos y Dela Cruz, residente naman ng Lison, Brgy.1, Bacolod City.

Ang matagumpay na buy-bust operation at pagkahuli sa mga suspek ay sa pangunguna ni PLtCol Joseph Fajardo, Officer-In-Charge ng Victorias Component City Police Station kasama ang Special Operations Unit 6 ng Philippine Drug Enforcement Group.

Pinuri naman ni PCol Leo B Pamittan, Acting Provincial Director ng Negros Occidental Police Provincial Office ang nasabing mga operatiba sa matagumpay na operasyon at sa tuloy - tuloy na kampanya laban sa ilegal na droga. *(Panulat ni Pat Kher Bargamento)*

# Higit Php610K ilegal na droga, nakumpiska



**Nagsagawa ng magkahiwalay na operasyon ang mga operatiba ng Rizal Provincial Intelligence Unit at Provincial Drug Enforcement Unit sa Antipolo City noong Pebrero 7 at 8, 2022 na nagresulta sa pagkakakumpiska ng ilegal na droga na nagkakahalaga ng Php610,400.**

Ang operasyon ay pinamunuan ni Police Lieutenant Daniel M. Solano, Team Leader.

Arestado ang dalawang (2) suspek sa isinagawang operasyon bandang 10:45 ng gabi noong Pebrero 7, 2022 sa Sumulong Highway, Brgy. Mayamot, Antipolo City na kung saan nakumpiska ang tatlong (3) pirasong silyadong transparent plastik sachets ng hinihinalang shabu na humigit kumulang 53 gramo at nagkakahalaga ng Php360,400.

Ang mga suspek ay kinilalang sina Dennis Longganaya y Aguilon, 23 anyos, residente ng Antipolo City at Janz Abalos y Gonzales, 24 anyos, residente ng Angono, Rizal.

Samantala, nakumpiska naman ang 16 na plastik na naglalaman ng tinatayang 2 1/2 kilong tuyong marijuana na nagkakahalaga ng Php250,000 sa Dimson Street, Purok-2, Zone 8 Barangay Cupang, Antipolo City bandang 3:30 ng umaga ng Pebrero 8, 2022.

Kinilala din ang mga suspek na sina Reynante Romero y Cruz, 26 anyos, tubong Caloocan City at Niño Felipe Manzano, 21 anyos, tubong Marikina at kapwa nakatira sa Antipolo City.

Ang mga nakuhang ebidensya ay naiturn-over sa Forensic Unit para sa laboratory test.

Inihanda na rin ang pagsampa ng kaso laban sa mga suspek.

"The illegal drug problem in the country is the wreaking havoc on the lives of many Filipino families and destroying the future of the Filipino youth. The stringent campaign against illegal drugs targeting users, peddlers, producers and suppliers, will soon put an end to the drug menace in the Province of Rizal" - ani Police Colonel Dominic L. Baccay, Provincial Director, Rizal Provincial Police Office. *(Panulat ni PEMS Joe Peter V Cabugon, RPCADU-4A)*

# Mahigit Php239K smuggled na sigarilyo, nadiskubre



**Indanan, Sulu (February 8, 2022) - Nadiskubre ng Indanan Municipal Police Station ang 23 kahon ng ipinuslit na ilegal na sigarilyo na nagkakahalaga ng Php239,200 sa Sitio BJ, Brgy. Buansa, Indanan, Sulu ng mga hindi pa nakikilalang mga suspek noong Pebrero 8, 2022.**

Ayon sa ulat ni PMaj Edwin Sapa, Chief of Police, Indanan MPS, habang nagpapatrolya ang kanyang mga kapulisan ay may nakita silang kahon-kahon na naglalaman ng sigarilyo na iniwan umano ng mga suspek sa naturang lugar.

Ang mga nasabing kontrabando ay sinamsam ng Indanan MPS upang gawan ng report at upang maiturn-over sa Bureau of Customs para sa tamang disposisyon.

Dahil dito ay mas pinaigting pa nila ang kanilang pagpapatrolya upang wala ng makalusot o makapasok na parehong kontrabando sa lugar at upang maiwasan ang iba pang krimen. *(Pat Mark Vincent Valencia RPCADU BAR)*

# Shabu, ginawang palaman; babae, arestado


**Davao City (February 10, 2022) - Arestado ang isang babae matapos tangkaing magpuslit ng ilegal na droga sa pamamagitan ng "loaf bread" sa Mandug, Davao City noong Pebrero 10, 2022.**

Ayon sa report, magbibigay sana ng pagkain ang suspek sa kanyang kaibigang nakakulong sa Mandug Police Station ngunit matapos itong dumaan sa inspeksyon ay nakita ng duty jailer na ang ilegal na droga ay nakalagay sa gitna ng "loaf bread" kasama ang iba pang personal na kagamitan.

Kinilala ang arestadong suspek na si Jennifer, 27 taong gulang. Nakuha mula sa kanya ang isang (1) pirasong sachet ng hinihinalang shabu na may halagang Php48,000 at may timbang na tatlong (3) gramo, isang (1) foil paper na pinaniniwalaang drug paraphernalia, at isang (1) Nokia Mobile Phone.

Nasa kustodiya na ng naturang Police Station ang suspek at nahaharap sa kasong paglabag sa Republic Act 9165, Section 11 (Possession of Dangerous Drugs) Section 12 (Possession of Equipment, Instrument, Apparatus and Other Paraphernalia for Dangerous Drugs).

"The apprehension of the suspect is a manifestation that this office practices a proper and strict inspection of all food and personal belongings delivered by the loved ones of our detainees, we intensify the fight against illegal drugs and that it will not get through nor infiltrate especially in our detention cells", ani PMaj Robel Saavedra, Station Commander. *(Panulat ni PCpl Romulo Cleve Ortenero)*



THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE
PULIS SERBIS
BALITA
#PNPKAKAMPIMO
Volume VI No. 06 * Pebrero 5 - 11, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# Mga Pulis Dentist, nagsagawa ng Dental Mission




**Sadanga, Mountain Province (February 7, 2022) - Nagsagawa ng dental mission ang mga pulis dentist sa pamumuno ni Police Lieutenant Marlon S. Espinoza ng Mountain Province Police Provincial Office (MPPPO)-Medical and Dental Unit (MDU) sa Sadanga Central School, Poblacion, Sadanga, Mountain Province noong Pebrero 7, 2022.**

Katuwang sa nasabing aktibidad ang punong guro ng Sadanga Central School na si Ms. Valentina Morareng.

Ang aktibidad ay isinagawa sa pagdiriwang ng National Oral Health Month na may temang "Orally fit Pinoy Para sa Healthy Pilipinas".

Tuwang-tuwa ang 26 na Grade 2 pupils na naging benepisyaryo ng dental mission dahil nakatanggap sila ng toothbrush, toothpaste at fluoride treatment mula sa mga Pulis Dentist.

Maliban dito, namigay din ng oral hygiene education sa mga mag-aaral para mapatibay ang mga kaalaman sa pangangalaga sa kalusugan. *(Panulat ni PSSg Amyl Cacliong, RPCADU COR)*

# Mag-inang katutubo, tinulungan ng Ballesteros PNP





**Ballesteros, Cagayan (February 8, 2022) - Tinulungan ng kapulisan ng Ballesteros ang mag-inang katutubong nagbebenta ng gulay na napadaan sa kanilang himpilan sa Ballesteros, Cagayan noong Pebrero 8, 2022.**

Binili ni Police Major Marlou Del Castillo, hepe ng naturang istasyon, ang mga ibinebentang gulay ng mag-ina upang maibsan ang bigat ng pasan-pasang paninda habang naglalakad.

Pinatuloy ng pulis ang mag-ina sa kanilang himpilan at inalok ng kape at tinapay.

Sa kanilang kuwentuhan, napag-alaman ni PMaj Castillo na ang haligi ng kanilang tahanan ay kasalukuyang nakapiit sa bilangguan kaya naman mag-isa na lamang ang ginang na nagtutuguyod sa kanilang pamilya.

Naiyak naman ang ginang nang iabot ni hepe ang bayad na sobra sobra pa sa presyo ng kanilang paninda.

"Wala sa estado ng buhay at talino ang pagtulong. Nasa ating bukas na puso, mga kamay at mata para tingnan at iaabot ang tulong sa ating kapwa", ani PMaj Del Castillo.

Ang pagtulong na ginagawa ng kapulisan ay walang pinipiling tao, oras, o panahon. Hangga't kaya ng ahensya ay patuloy itong gagawa ng paraan upang maipadama ang malasakit ng gobyerno para sa lahat. *(Panulat ni PSSg Mary Joy D Reyes, RPCADU 2)*

# NCRPO Project S.I.B.O.L., isinagawa sa Quezon City







**Sablan, Benguet (February 4, 2022) – Naghandog ng bagong tahanan ang mga kapulisan ng Sablan Municipal Police Station (MPS) sa batang mag-asawa na sina Gil at Jonalyn Dela Cruz sa Barangay Palali, Sablan, Benguet noong Pebrero 4, 2022.**

Ang mag-asawa ay nakatira sa isang lumang bahay na gawa sa light materials kasama ang kanilang dalawang anak.

Si Ginoong Dela Cruz ay nagtatrabaho hindi lang isang barangay tanod ng Palali kundi bilang magsasaka at trabahador din.

Ito ang umantig sa puso ng mga kapulisan ng Sablan MPS, dahilan upang piliin silang maging kanilang benepisyaryo.

Bukod sa bagong bahay, ay nakatanggap din ang naturang pamilya ng mga grocery items at mga gamit sa kusina.

Labis ang pasasalamat ng pamilya Dela Cruz sa mga ipinagkaloob sa kanila ng mga kapulisan.

Ang naturang proyekto ay sa ilalim pa rin ng Handog Pabahay ng Benguet Police Provincial Office. *(Panulat ni Pat Febelyne Codiam, RPCADU COR)*